

Daga

Mark Angeles

Naulinigan niya ang boses ng tatay niya mula sa kabilang kuwarto. Makunat ang tunog na dumarating sa kaniya. Nasasala marahil ng playwud na pader ang boses ng tatay niya.

Pinagagalitan siya ng tatay niya. Hinahanap sa kaniya ang lason sa daga na bilin nitong bilhin niya. Ang siste, walang mabibiling tingi noon sa tindahan. Hindi tulad ng mantika o shampoo.

“Aray!” usal niya. Kinagat ng anak niya ang kaniyang utong.

Wala na siguro itong masuso. Tuyot na tuyot na ang mga dibdib niya. Sinabihan siyang bumili ng malunggay ng kapitbahay. Pamparami raw ng gatas ng ina. Pero kapag nagluluto siya ng tinola, pati ito ay sinisimot ng tatay niya.

“Halika rito,” tawag ng tatay niya.

Inalog-alog niya nang marahan ang kalong na sanggol at saka tumayo mula sa pagkakasalampak sa sahig. Unti-unting umalsa ang pinagmarkahan ng kaniyang mga hita at saka naglaho. Dahan-dahan niyang tinungo ang kumot na nakatali ang magkabilang dulo sa magkabilang kisame para maging duyan. Maingat niyang inilapag doon ang kaniyang anak na halata pang gutom sa wangis ng mukha. Hinele niya ang anak para maunahan ang nakaambang pag-iyak.

“Bilisan mo!” bulyaw ng tatay niya kahit nakita na siyang paparating.

Nakataas ang kaliwang braso ng tatay niya at akmang may iaabot kaya paglapit niya ay sinahod niya kaagad ang kamay nito. Nanginginig ang palad niya ngunit nahulaan na niyang iyon ay isang lukot na isandaan.

“Hayan!” sabi ng tatay niya. “Bumili ka ng lason sa daga!”

Naamoy niya ang alak sa hininga nito. Naulinigan din niya ang paghinga nito na sinilindro ng makapal na bigote.

Bumalik siya sa kuwartong kinalalagyan ng duyan. Maingat niyang kinuha ang anak at ipinatong ang ulo nito sa kaniyang balikat. Lumabas siya ng kuwarto at naglakad papunta sa pintuan. Alam niyang sa buong sandaling iyon ay sinusundan siya ng titig ng tatay niya.

Mabuti na lang at hindi umiyak ang anak niya. Kumatok siya sa kapitbahay. Nang bumukas ang pinto, sumalubong sa kaniya ang mukha ng isang babae. Napatingin ito sa kaniyang anak.

“Ginawa mo na ba ang sinabi ko?” usisa ng babae. Tungkol iyon sa pagkain ng malunggay.

Tumango siya.

“Paiwan po ulit,” sabi niya sa babae.

“Sige.” Kinuha ng babae ang sanggol na para bang isang bagaheng ilalagak sa baggage counter ng isang grocery store. Pagkatapos ay isinara ng babae ang pinto sa kaniyang mukha.

Tumalikod siya. Hindi na niya kailangang magpaliwanag. Ilang ulit na niyang ipinaalaga sa kapitbahay ang kaniyang anak.

Ilang kanto rin ang nilakad niya. Nakipagpatintero siya sa mga pawisang lalaking naglalaro ng basketbol. Takot na takot siya sa bola. Nadaanan niya ang isang tindahang gawa sa mesa at laman lang ay ilang garapong kendi at isang kahon ng mga sigarilyo. May ilang tambay na nakaupo sa gilid ng kanal. May ilang batang nanghuhuli ng butete.

Pumasok siya sa isang maliit na grocery habang hinahabol ng tingin ng guwardiya. Pumunta siya sa estante ng mga pamatay-ipis at daga. Sinipat niya ang mga kahon ng lason sa daga at pinili ang pinakamura. Kailangan talagang bilhin ang buong kahon. Binulong niya sa sarili na sana ay may makaisip na magtingi.

Binayaran niya ang kahon sa kahera. Kinuha niya ang sukli.

Habang palabas ng grocery, inisip niya kung ano ang mabibili sa napagsuklian. Maaari siyang bumili ng malunggay. Pumunta siya sa dako

ng palengke kung saan naroon ang hilera ng mga tindang gulay.

Palinga-linga siya para maghanap ng malunggay. Nahagip ng tingin niya ang dahon ng ampalaya. Naalala niya ang sinabi ng isa pang kapitbahay. Para hindi na raw hanapin ng sanggol ang gatas niya, pigaan niya ng dahon ng ampalaya ang paligid ng utong niya. Naisip niya, masasanay naman sa amang anak niya. Nagduda lang siya nang maalala ang balita sa health center. Dati-rati kasi dalawang beses isang buwan ang pagbibigay ng bitamina para sa mga bata. Ngayon ay isang beses, isang buwan na lang dahil sa dalang ng dating ng mga gamot.

Binili niya ang dahon ng ampalaya.

Hawak niya ang lason sa daga at dahon ng ampalaya sa daan pauwi. Habang naglalakad, maraming alaalang bumabalik sa isip niya. Halimbawa na ang huling bilin sa kaniya ng nanay niya bago ito sumakay ng taxi papunta sa airport. Naalala rin niya ang gabing nagising siya at katabi na ang tatay niya. Nagulat siya dahil para itong humihikbi. Nangumpisal ito sa kaniya. Nami-miss daw nito ang nanay niya. Naguluhan siya sa gagawin pero hinayaan niya lang na suklayin nito ng daliri ang buhok niya. Hinayaan niya lang na simsimin nito ang buhok niya.

Ilang linggo pagkatapos, nangasim ang tiyan niya. Naalala niya kung paano siya bambuhin ng tatay niya para paaminin kung sino sa mga kaklase niya ang gumawa noon. Sobrang lakas ng boses ng tatay niya at dinig ito ng mga kapitbahay. Nagkakahulan ang mga aso sa labas.

Mabuti na lang at may awa ang mga kapitbahay niya at tinulungan siya sa pagbubuntis niya. Hanggang sa lumabas sa sangmaliwanag ang dinala niya sa sinapupunan.

Muntik na siyang masagasaan sa pagbabalik ng mga alaala. Nagising ang diwa niya nang businahan ng isang kotse at murahin ng drayber nito. Maraming nakamata sa kaniya. Dali-dali siyang naglakad pauwi.

Kumatok siya sa pintuan ng kapitbahay. Pagbukas ng pinto, lumabas ang babae dala ang anak niya. Nagulat ito sa hawak niya. Pero nahulaan na rin siguro nito na ayaw na niyang magpasuso kaya hindi na rin ito umimik. Ipinasa sa mga braso niya ang anak niya.

Pagdating niya sa bahay ay wala ang tatay niya. Umupo siya sa sahig at inilapag sa tabi niya ang hawak na mga pinamili.

Nagsimulang umatungal ang anak niya. Nililis niya ang laylayan ng damit niya para ilabas ang kanang suso. Narinig niya ang sutsot ng mga daga sa ilalim ng sahig kung saan nakatayo ang kanilang barumbarong.

Binuksan niya ang kahon ng lason sa daga. Dinurog niya ang mga butil ng lason at ipinahid ito sa paligid ng utong niya. Inilapit niya sa dibdib ang umaapuhap na bibig ng anak.